

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Kinilala ang Brampton bilang isang lider sa lokal na aksyon sa klima matapos ang pagsubok ng Global Covenant of Mayors for Climate and Energy Showcase Cities pilot**

BRAMPTON, ON (Pebrero 3, 2021) – Ang Brampton ay kasama sa 25 munisipalidad sa Canada na nakakumpleto sa pagsubok sa Global Covenant of Mayors for Climate and Energy (GCoM) Showcase Cities, isang intensibong isang-taon na programa na tumutuon sa lokal na aksyon kaugnay ng klima. Nakatanggap ang Lungsod ng Brampton ng Mitigation Badge bilang bunga sa mga pagsisikap nito para sa klima.

Ang Mitigation Badge ay iginagawad sa mga lungsod na nakakumpleto sa survey sa paggamit ng greenhouse gas sa kanilang komunidad, nagtakda ng mga target sa emission at merong aprubadong plano sa pagpapababa, tulad ng Community Energy and Emissions Reduction Plan (CEERP) ng Brampton.

Ang Brampton ay napiling sumali sa unang Showcase Cities cohort na pinangunahan ng GCoM Canada sa Agosto 2019, kung saan ang lungsod ay tumanggap ng libreng suporta para pasimulan ang aksyon sa klima sa lokal na antas, kabilang ang teknikal na suporta, pagsasanay, eksklusibong mga oportunidad sa networking at access sa mga tool at mga resource para makamit ang mga layunin sa klima.

Ang commitment ng Lungsod ng Brampton sa GCoM ay kumukonekta sa Brampton sa pinakamalaking pandaigdigang alyansa na committed sa liderato ng klima ng lungsod, pagdagdag sa mga pangako ng higit sa 10,000 lungsod at mga lokal na pamahalaan mula sa anim na kontinente na kumakatawan sa higit sa 800 milyong mamamayan sa buong mundo.

Ang GCoM Canada ay isang pagtutulungan sa pagitan ng Federation of Canadian Municipalities (FCM), ICLEI-Local Governments for Sustainability, ng Global Covenant of Mayors Secretariat at ng International Urban Cooperation Project na suportado ng pondo mula sa European Union.

### **Mga Link**

- [Ang Brampton kasama sa 25 munisipalidad sa Canada na napili para sa intensibong pagsubok sa nangungunang pandaigdigang inisyatiba sa klima](#)
- [Community Energy and Emissions Reduction Plan \(CEERP\)](#)
- [Global Covenant of Mayors](#)

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay kinikilala bilang lider sa lokal na aksyon sa klima sa bansa at sa buong daigdig sa pamamagitan ng pagsali sa pagsubok na ito. Ipinagmamalaki natin na naging isa sa 25 munisipalidad na nakakumpleto sa pagsubok sa Showcase Cities, at committed sa pagiging sustainable at mga solusyon sa mababang carbon para makamit ang mga target sa klima ng Canada, mabawasan ang greenhouse gas emissions, at makakagawa ng aksyon sa pandaigdigang pagbabago ng klima.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nangunguna tayo sa mga inisyatiba sa klima sa Brampton, at gumagawa ng tunay na epekto sa ating sa ating carbon footprint. Sa pamamagitan ng CEERP nililikha natin ang mas luntiang transit network at mas nalalakad na mga kalapitbahayan, pinapatupad ang building retrofits, at mas marami pa. Ito ay isang mahalaga at kapana-panabik na panahon sa ating lungsod. Salamat GCoM para sa pagkilala at sa lahat na naging parte ng pagbabago na ito hanggang ngayon.”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Luntiang Lungsod na may target na bawasan ang greenhouse gas emissions sa Brampton ng 80 porsyento bago lumipas ang 2050. Ang ating ambisyoso at nakapagbabagong CEERP ay kinabibilangan ng mga target para sa mga bahay at gusali na matipid sa enerhiya, lumilikha ng mas malinis na enerhiya, pinapalaki ang network ng transportasyon, mga trail at imprastruktura ng bike sa Brampton, at mas marami pa. Ang pagkumpleto sa pagsubok sa Showcase Cities ay isang milestone sa paglalakbay na ito ng aksyon sa klima.”

- *Doug Whillans, Konsehal ng Lungsod Wards 2 at 6; Kinatawan ng Brampton sa Global Covenant of Mayors for Climate Change and Energy; Miyembro, Task Force ng Komunidad sa CEERP, Lungsod ng Brampton*

“Committed ang mga kawani ng Lungsod sa sustainability, mga solusyon sa mababang carbon, at pagbabawas sa carbon footprint ng Brampton para makagawa ng epekto bilang isang lider ng munisipalidad sa aksyon sa klima. Tayo ay nagtutulungan, abante kung mag-isip, at dedicated sa paglalakbay ng Brampton bilang isang Luntiang Lungsod.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga munisipalidad ay nangunguna sa mga solusyon sa mababang carbon—mula sa pagtayo ng mga retrofit hanggang sa mga green transit fleets. At sa pag-impluwensiya ng mga munisipalidad sa kalahati ng GHG emission sa Canada, ang mas pagpapalaki sa mga lokal na solusyon ay susi sa pagtugon sa mga target sa klima ng Canada. Hinahangaan natin ang Brampton sa paggawa ng direktang aksyon sa pagharap sa mga epekto ng pagbabago ng klima at pagbabawas sa kanilang greenhouse house emissions ”

- *Garth Frizzell, Presidente ng FCM*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

